

Delusional Disorder

Ano ang Delusional Disorder?

Ang delusional disorder ay isang uri ng sakit sa pag-iisip. Ang pasyente ay palagiang kumukupkop ng isa o sistema ng delusyon. Ang kahibangan mismo ay isang sitomas ng pagkasira ng isip kung saan ang pasyente ay naniniwala sa hindi totoo ngunit matatag niyang pinaniniwalaan sa kanyang isip ang isang bagay na kahit anong patunay ang gawin mo sa kanya. Isang punto ang dapat isaisip, at ito ay: ang saykiatriko ay isasaalang-alang nang hiwalay at metikuloso ang kanyang kultura, pagpapalaki, edukasyon at kaurian ng relihiyon. Ang katotohanan nito, ang ibang ideya na labis niyang pinahalagahan ang humahalo sa mga delusyon. Upang masiguro ang pasyente, ang dayagnosis ng delusional disorder ay ipagkakatiwala sa kamay ng mga saykiatriko.

Ang epedimiology o pag-aaral sa epidemya ng Delusional Disorder ay mas mababa kaysa sa Schizophrenia. Ang katumbas ng kasariang lalake-sa-babae ay halos isa-sa-isa, mas mataas ang bilang ng mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan. Ang edad ng pag-usbong nila ay halos apatnapu.

Anu-ano ang mga pumapailalim sa Delusional Disorder?

- Engrande
- Hypochondriacal/ somatic
- Seloso
- Erotika
- Mapag-usig
- Halo-halo
- Hindi tukoy

Ano ang pinagmulan ng Delusional Disorder?

Ang pinagmulan ng Delusional Disorder ay napakakumplikado, ngunit hindi malinaw kung mula ito sa pagsilang at namamana. Mula sa pagtingin na sikolohikal, ang limbic system o sistema sa may paanan ng pasyente at basal ganglia sa loob ng utak ay may depekto. Ang pinakamalalang mga dahilan ang pag-unlad ng psychosocial o interaksyon sa pakikisalamuha ang nahahadlangan, kagaya ng pang-aabuso nang siya ay bata pa, hindi kayang magbigay ng magkaparehong tiwala sa isa't isa, patolohiya sa pagpapalaki atbp. Ang iba pang dahilan ay hindi makarinig, malabong paningin, pagdarayuhan, pagbubukod, suspetyoso at sensitibo ang ugali, at nasisirang pagbabago dahilan sa pagtanda atbp.

Ano ang kurso ng Delusional Disorder?

Ang mga delusyon ng pasyente, kapag walang maayos na gamutan, ay madalas na mananatili sa kanyang buhay. Ang epekto ng gamutan ng Delusional Disorder ay halos 50%, sa ibang kaso na mabawasan ang

sintomas, kahit hindi na masyadong pabor kung ikukumpara sa Schizophrenia o Affective Disorder. Ang psychosocial, kahit na malaki, ay hindi pa rin kasinlala ng Schizophrenia. Gayunpaman, ang mga pasyenteng tumatangging magpagamot ay dahil sa kawalan ng kaalaman sa kanilang karamdaman sa pag-iisip, at dahilan diyari, ang kanilang sintomas ay lumalala at tumatagal ang gamutan.

Anu-ano ang mga pwedeng pagpilian sa paggamot ng Delusional Disorder?

1.) Paggagamot na Parmasyutiko

Ang anti-psychotic o panlaban sa pagkabalihw ay nakakabawas at kung minsan ay nakakaalis ng pagkahibang; nakababawas din ito ng sintomas sa pag-iisip kagaya ng pagkabalisa, pagiging aburido at hirap sa pagtulog. Maraming pasyente ang may pag-aalinlangan sa pag-inom ng mga gamot, at sila mismong may katawan ang madaling talaban ng side effect o pangalawang epekto nito, ang dosis ng gamot ay magsisimula sa mababang lebel sa ilalim ng maingat na kamay ng isang doktor. Ito ay itinitimpla nang hinay-hinay, upang maiwasan ang pagsuspetsya nila sa kanilang doktor.

Dahilan sa maraming pasyente ang may Delusional Disorder ang ayaw magpagamot, ang relasyon ng doktor at pasyente ay mahalaga. Kung makukuha ng doktor ang tiwala ng kanyang pasyente at mapanatili ang magandang relasyon ng doktor at pasyente, ang pagtanggap ng pasyente na uminom ng gamot ay mababawasan. Kahit na naniniwala silang wala silang sakit sa pag-iisip, maaari silang makinig sa doktor na uminom ng mga gamot.

2.) Pangsaykiatrikong Terapi

Sa madaling salita, ang saykiatrikong terapi ay dapat masamahan ng parmasyutikong paggamot upang magkaroon ng magandang resulta. Ang terapistang ay iiwas sa mainit na kumprontasyon ukol sa nilalaman ng kanyang delusyon, upang isaisip ang natatamang panahon.

Upang makasabay sa matigas nitong ulo, ang doktor na nakatalaga rito ang makakatulong para magkaroon siya ng masayang pamumuhay, at makapamuhay nang may kapayapaan sa kanilang delusyon. Ang doktor din ang makakaunawa kung bakit ang pasyente ay masyadong magagalitin, walang makatulong at nahihya sa kaibuturan ng kanilang puso; at matulungan silang maresolba ang kanilang saloobing pagkabigo. Kasabay nito, ang doktor ay tuturuan ang pasyente kung paano hawakan ang krisis sa positibong paraan kapag may biglaang pangamba.

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin mula sa orihinal sa Ingles. Sakaling may mali o hindi pagkakatugm, ang bersyon sa Ingles ang mananaig.